# Kinokontrol ang GULO



by Vickie Kangas

# Bakit Mahalaga ang Pamamahala ng Silid-aralan?

### Pinipigil nito ang Kapaguran ng Guro

Tinatanggal nito ang pagkabigo at tumutulong sa pagkaubos ng lakas na humahantong sa "kapaguran". Alam nating lahat ang mga taong nakadaramang "trabaho" nilang maglingkod sa loob ng isang taon yamang may mga anak silang dumadalo sa iglesiya, at hindi sila makapaghintay na matapos ang kanilang taon at makatakas na sila mula sa silid-aralan. Sa isang silid na puno ng mga batang magugulo, hindi nila kinasasabikan ang oras nila kasama ang mga bata. Kapag tapos na ang oras ng paglilingkod nila kada linggo, umaalis silang nakadarama ng tensyon at mainit ang ulo. Ayaw nilang makipag-usap at makipagsalamuha sa ibang Kristiyano pagkatapos sa iglesiya, bagkus ay tumatakas tungo sa kanilang tahanan, isang "ligtas na lugar", at nagpapahinga.



### 1. Itinataguyod nito ang Masasayang Guro

Ang gurong gumugugol ng isang oras sa isang kontroladong silid-aralan ay malungkot sa pagtatapos ng oras. Maaaring marami pang maituturo, ngunit tapos na ang oras at naghihintay na ang mga magulang sa kanilang mga anak. Iniiwan ng guro ang silid-aralan nang may ngiti at isang maligayang puso dahil sa pagkakita sa pag-ugat ng salita ng Diyos at mga mata ng mga estudyanteng nabuksan sa mga bagong katotohanan.

### 2. Hinihipo nito ang hinaharap

Nakaririnig ang mga guro ng mga patotoo ng pagbabago sa kanilang mga estudyante dahil sa mga bagay na dati nilang itinuro. Alam nilang hinihipo nila ang hinaharap, binababago ang mga buhay, at tinutulungan ang mga pamilyang maging higit na gumulang dahil ang mga anak ay natututo kung paano mamuhay katulad ni Kristo.





### 3. Inaanunsiyo nito ang pambatang ministeryo ng iglesiya

Matapos ang iglesiya ang mga guro ay hindi nagmamadaling umuwi at magpahinga, bagkus nais nilang sabihin sa ibang tao ang isang bagay na sinabi ng isang bata na nagpaawit sa kanilang puso. Nais nilang makipag-ugnayan sa mga magulang ng mga bata at sabihin sa kanila kung gaano sila kaligaya na dumating ang bata ngayon at kung ano ang pinag-usapan nila sa klase. Maaaring bigyan ng guro ang mga magulang ng isang paunang tanong na magagamit nila upang tanungin ang kanilang anak sa klase, at bigyan ang mga bata ng isang pagkakataong sabihin sa kanilang ina at ama ang kanilang natutunan, o ensayuhin ang isang bersikulo sa Biblia at pagtibayin ang aralin.

### 4.Hinihikayat nito ang ibang magboluntaryo sa ministeryo



Kapag nakita ng iba kung gaanong natatamasa ng guro ang pagtuturo, higit na magboboluntaryo silang tumulong sa isang silid-aralan o papasok upang palitan ang isang guro kapag panahon ng bakasyon. Maaaring magboluntaryo rin silang maging mga guro. Kapag nanggaling ang isang guro sa isang kaaya-aya, mapayapang silid-aralan, nakahahawa ang kanilang galak at nais din ng ibang maranasan ito.

### 5.Natatamasa ng mga bata ang pagpunta sa iglesiya

Tinutulungan ng pamamahala ng silid-aralan ang mga batang makaramdam ng kaligtasan, kasiguraduhan, at pag-ibig. Nagtitiwala silang iingatan sila ng guro mula sa anumang nakasasakit na bagay na maaaring mangyari sa kanila. Sa isang ligtas, mapayapang kapaligiran ay higit na natututo ang mga bata. Hindi sila tatakbo sa ina o ama matapos ang paglilingkod ng iglesiya at magdaldal tungkol sa lahat ng tao at lahat ng bagay. Maaaring magduda ang mga magulang kung ginagawa nila ang tama sa pamamagitan ng pagpayag sa kanilang mga anak na pumunta sa klase sa halip na umupo sa tabi nila at mabagot kapag nasa paglilingkod ng iglesiya. Gayundin, kapag mainam ang karanasan sa klase, higit silang mag-iimbita sa iba upang dumalo.



# Ano ang Susi upang Magkaroon ng Isang Mainam, Kontroladong Silid-Aralan?




## Ang Susi: Pigilan ang mga suliranin bago sila magsimula

Ang pinakamainam na salik ay hindi kung paano natuos ang mga suliranin, bagkus ang paggamit ng mga aktibong hakbang ng pagpigil at hindi pagkakaroon ng anumang suliranin sa simula. Natatamo ang pagpigil sa pamamagitan ng pagiging handa sa lahat ng suplay at sa aralin. Upang magkaroon ng mainam na klase, dapat bigyan ng guro ang Diyos ng maraming oras, sa likod ng mga tagpo, hindi lang ang oras na gaganapin ang klase.



## 1. Planuhin ang iskedyul

Maingat na pinaplano ng isang magaling na guro ang iskedyul, akma sa mga ninanais, pangangailangan, at edad ng mga bata. Idedetalye ko ang mga iskedyul maya-maya.






## 2. Planuhin at ihanda ang mga materyales

Kung may gawaing-kamay, lahat ng suplay ay handa at madaling maabot, maging nasa paningin ng mga bata upang makahinuha sila ng isang masayang aktibidad pagkatapos na pagkatapos ng aralin. Mayroong tapos nang halimbawa upang makita ng mga bata kung ano ang gagawin nila.

Kung may meryenda, handa itong maihain. Anumang balot ay bukas. Alam ng isang tumutulong ang kanyang responsibilidad at hindi mangangailangan ng mga tagubilin habang oras ng klase. Ang supot para sa basura ay handa para sa paglilinis.



Kung may pinlanong laro, ang mga materyales para sa laro ay nasa lokasyon kung saan ito lalaruin. Pinag-isipan ng guro ang mga tagubilin at handa na upang malinaw at mabilis na maipaliwanag ang mga alituntunin at kung paano laruin ang laro.

Bakit napakahalaga ng malinaw na mungkahing ito? Anumang oras na tumalikod ang guro sa klase upang kumuha ng mga materyales, magkakaroon ang mga bata ng pakakataong magsanhi ng suliranin. Ang pagpigil ay nangangahulugang hindi nila kailanman makukuha ang gayong pagkakataon. Madalas sabihin ng mga bata, "Hindi ko ginawa!" at tinatanggi ang anumang pagkakasangkot sa isang negatibong asal. Kung alam nilang hindi ito uubra dahil nakatingin ang guro, hindi na nila susubukan dahil lubos nilang alam na mahuhuli silang ginagawa iito.

## 3. Isaulo ang kwento

Dapat alam na alam ng guro ang aralin, at hindi sumangguni sa anumang sulat. Habang nag-aaral, dapat nakatingin ang guro sa mga mata ng mga bata, at iniaakma ang kwento dahil sa kanilang mga tugon. Mamimigay ako sa susunod ng ilang bagay na mapapanood at mga mungkahi ng mga paraan upang maiakma ang kwento.



## 4. Tingnan ang mga estudyante



Kung tila nababagot ang mga estudyante, dapat silang isama ng guro sa isang kilos na magpapabuti sa kwento. Itigil ang kwento, at hilingin sa mga estudyanteng tumayo at isadula ang bahagi ng kwento.

Isa pang ideya ay ang itigil ang kwento at magtanong tungkol sa kung ano ang susunod na mangyayari. Tahimik nitong hinihila ang pag-iisip ng mga estudyante tungo sa aktibong pagkalahok. Ipapakita ng kanilang sagot kung gaano karami ang kanilang naunawaan.

Marahil ay magpasya ang gurong gumamit ng higit pang larawan sa susunod. Maaaring matanto ng guro na hindi nila natatamasa ang pakikinig nang matagal at sa susunod ay paiikliin ang kwento, o isalaysay ito habang isinasadula ito ng ilang bata.

Dapat lubhang nakatutok ang guro sa kung ano ang tumatakbo sa ulo ng mga bata. Bantayan ang mga babala na may isang nag-iisip na hilain ang buhok ng isa pang bata, at pigilan itong mangyari sa pamamagitan ng pagpapatayo sa lahat at isadula ang isang bahagi ng kwento, (maging tupa, sumakay sa isang kabayo, mag-igib ng tubig at magsalin ng kaunti at inumin ito, magkunwaring isang bulag, atbp.)



Pagkatapos ay ibahin ang ayos ng upuan, at ituloy ang kwento, nalalamang napigilan ang isang suliranin at nagsaya lamang ang mga bata at hindi alintanang may isang gagawa ng isang bagay na hindi kanais-nais.

Mangyayari lang ang uring ito ng pagkaalerto kapag ang aralin ay kabisado na kung saan ang guro ay hindi na mag-iisip kung ano ang susunod na mangyayari, kundi alam kung ano ang susunod na mangyayari, nag-iisip kung paano inaapektuhan nito ang mga bata sa silid. Ang pokus ay sa panggrupong dinamika at sino ang nakikinig at hindi, at mga posibleng dahilan kung bakit hindi sila nakikinig at interesado.

## 5. Mag-akma para sa mataong pagkakaupo



Kapag naupo ang mga estudyante sa mga mataong kalagayan, magkakaroon ng higit na suliranin. Kailangan ng mga estudyante ng higit na aktibidad upang manatili silang nakapokus sa kwento kapag nagagambala sila ng ibang



estudyante sa masisikip na lugar. Dapat planuhin ng guro ang mga lugar sa aralin na magbibigay sa mga estudyante ng isang bagay na magdaragdag sa kanilang tinig, upang makaboto gamit ang isang kilos o kanilang mga ekspresyon, o isang bagay na maisasagawa gamit ang kanilang mga kamay at katawan. Kalaunan, sasabihin ko kung paano planuhin ang pagkakaupo para sa klase.

## 6. Magplano para sa edad ng mga estudyante

Ang mga bata ay may napakaikling saklaw ng atensyon. Likas sa kanilang maalis sa ugnayan sa iyo at mag-isip ng ibang bagay na gagawin kapag nasaid mo ang kanilang abilidad na manatiling nakapokus. Maaaring negatibong bagay iyon. Gagambalain nila ang iba. Titingin ang klase sa kanilang ginagawa, at matutuwa sila roon. Maiwawala mo ang klase at ang kwento mo ay hindi maririnig ninuman.

Kapag naghahanda ka ng iyong kwento, ensayuhin mo ito, orasan mo ito, at magsagawa ng ilang pisikal na aktibidad para sa mga bata. Huwag mong hilingin sa kanilang maupo at makinig sa iyo nang higit sa 4 o 5 minuto. Makakaya ng mga bata sa Intermedyang baitang ang 10 minuto kung ito ay interesante. Makakaya ng mga batang mula ika-6 na baitang hanggang Jr High ang 15 minuto ng pakikinig. Ang mga paksang aralin at mga nakapagpapagana ng ideya ay mainam upang panatilihin ang kontrol sa tuwing oras ng pakikinig kasama ang mga nakatatandang estudyante.



## 7. Magplano para sa modalidad ng pakatuto ng mga estudyante

Ang ilang bata ay ginawa ng Diyos na mga taong natututo sa paningin sa halip na natututo sa pakikinig kaya ang isang araling naririnig lamang ay hindi makapagbibigay ng kalahati ng epekto ‘di gaya ng isang nakikita nila. Ang ibang estudyante ay natututo sa paggalaw sa halip na sa paningin o pakikinig at dapat igalaw ang kanilang mga katawan upang matandaan ang itinuro. Ipinakita ng mga pag-aaral na ang isang araling may mga pagkilos at hinahayaan ang mga batang pisikal na nailalahok ay mas matatandaan ng lahat ng estudyante. Kinakailangan ng panahon upang gumawa ng mga larawan, ihanda nag kwento nang mabuti, at magplano para sa paglahok ng estudyante. Ang mga gurong gumugugol ng oras ay may mas mainam na kontrol sa silid-aralan.

# Pinipigil ng pagkakaroon ng mga alituntunin ang mga suliranin


Alam ba ng mga bata kung ano ang inaasahan? Ang mga alituntunin ba sa klase ay payak at malinaw? Lingguhan bang sinusuri ang mga alituntunin?

## 1. Ano ang damdamin ng mga bata hinggil sa mga alituntunin?

Nais ng karamihang bata ang maging "mabuti" at bigyang-lugod ang kanilang mga guro. Kung alam nila kung ano ang inaasahan, susubukan ng karamihang batang tugunan yaong mga inaasahan. Nagagalit ang mga bata kapag napuna sila gamit ang mga biglang-imbentong alituntunin. Napapahiya sila sa harap ng kanilang mga kasama kapag naturo sila dahil sa maling gawi. Madalas na ang reaksyon nila ay pagsuway o rebelyon. Sasadyain nilang parusahan ang guro dahil sa paglansi sa kanila gamit ang alituntunin at pagpapahiya sa kanila. Maiiwasan ang reaksyong ito gamitin ang pagpigil. Gumawa ng 5 o 6 na malinaw at payak na alituntunin sa silid-aralan na istriktong maipatutupad, maingat na maituturo, at maeensayo upang maintindihan ng lahat ang mga inaasahan sa loob ng silid-aralan.

## 2. Bakit sinusuway ng mga bata ang mga alituntunin? Paano ito mapipigilan?

Minsan ay kailangan ng isang bata ang higit na atensyon kaya susuwayin niya ang isang alituntunin makuha lamang ang atensyong iyon. Ang pagpigil para rito ay ang pagplano ng mga paraan upang mabigyan ang gayong uri ng bata ng higit na positibong atensyon. Huwag hayaan ang estudyanteng maging lubhang desperado para sa atensyon hanggang sa maging handa silang suwayin ang mga alituntunin upang makuha ito. Kung susuwayin niya ang mga alituntunin, maging maingat na hindi siya mahayaang makuha ang atensyong ninanais niya mula rito. Huwag gumawa ng malaking pagtatanghal mula rito. Siguraduhing makakukuha ang estudyante ng mas mabuting atensyon bilang iyong "katuwang" kaysa pagdudulot ng mga suliranin at ang sitwasyon ay minsan o makalawang beses lamang mangyayari at hindi na mauulit pa. Tanungin ang iyong sarili, "Ano ang kailangan niya na hindi nakukuha?" Maaaring paglilipat lamang ang sagot. (ADHD) Maaaring maging isang munting kontrol ito. Maaaring maging isang munting spotlight ito sa kanya. Nakakukuha ang bata ng isang bagay na ninanais mula sa masamang gawi. Kailangang madiskubre ng guro kung ano ito at ibigay ito sa isang mas mabuting paraan.



### 3. Ituro ang mga alituntunin

Maglibang sa pagsasadula ng isang tagpo kung saan may isang susuway sa alituntunin, maging sa isang maliit na paraan, at isang tagpo kung saan susundin ng isang bata ang alituntunin. Siguraduhing maituturo ang eksaktong kaibhan at kung ano ang maaasahan sa alituntunin. Halimbawa, ang "huwag gamitin ang iyong kamay sa paggawa ng masama" ay maaaring masuway sa pamamagitan ng pagtulak sa isang bata upang matumba o sa pamamagitan ng isang kaunting kalabit sa braso o subukang kunin ang pangkulay na ginagamit ng isang bata. Ituro ang kaibhan sa pagitan ng mabuti at masamang paghipo. May mga panahong magkahawak-kamay habang tumutungo ang klase sa ibang lugar. May mga panahong magkahawak-kamay upang manalangin. May mga panahong angkop ang isang yakap upang aliwin ang isang kaibigan. Isang pang nakalilibang na halimbawa upang ituro ang alituntunin hinggil sa "pagsasalitan sa pagsasalita" ay ang magkaroon ng paligsahan upang makita kung aling grupo ng mga estudyante ang mananatiling lubos na tahimik nang matagal. Pinakikita nito na bagama't mahirap maging tahimik, hindi ito imposible para sa kahit sino sa silid.



### 4. Balik-aralin ang mga alituntunin kada simula ng oras ng klase.

Ito ang susing hakbang na nagsasanhi sa mga alituntunin sa inyong silid na maging tila karaniwan sa mga bata. Matapos gumugol ng mainam na haba ng panahon sa pagtuturo sa kanila sa unang dalawang araw ng klase, mabilis na ibalik-aral sila sa bawat pagkakataong may klase kayo. Luminang ng isang karaniwang gawaing aasahan ng mga bata kapag nagsimula ang klase. Halimbawa, salubungin ang sinumang bagong estudyante, magsimula sa isang maikling panalangin (maikli lang, hinihingi sa Diyos na gawing makabuluhan ang maikling oras ng pagsasama-sama at sanhiin ang mga pagbabago para sa ikabubuti sa bawat buhay na isinasakatawan.) at pagkatapos ay ipabigkas sa mga estudyante ang mga alituntunin, kung bakit taglay natin sila, at ipaliwanag sa kanila kung kinakailangan (halimbawa kung may isang bagong estudyante.)

### 5. Sabihin sa mga estudyante ang iskedyul at mga plano

Pagkatapos, sabihin sa mga estudyante ang iskedyul para sa araw na iyon. Ipaalam sa kanila kung anong mga masayang bagay ang pinlano mo para sa kanila. Sa kalaunan ay matatanto nilang may lubos kang kontrol at kung mali ang asal ng klase, gugugol ka ng panahong ayusin ito at tuusin ito sa isang mapagmahal na paraan, at nangangahulugan ito na mawawalan kayo ng oras na gawin ang mga masayang bagay na iyong pinlano. Kung may mga panahon kayo kasunod sa inyong iskedyul ay malalaman nila kung sila ay nahuhuli sa iskedyul, at kung sila ay nauuna nang bahagya at makapaglalaro ng isa pang beses ng laro. Sa aking karanasan, nakipagtulungan nang maayos ang mga bata sa plano, nasasabik sa bawat aktibidad, at ipinatupad ang mga alituntunin sa ibang estudyante nang hindi ako namamagitan.

# Anong mga alituntunin ang mahalaga?

Dapat akma sa edad ang mga alituntunin.

## 1. Mga tsart ng alituntunin para sa mga preschooler at mga nakababata


Kailangan makita ng mga bata ang isang tsart upang mapaalalahan sila sa lahat ng oras. Dahil hindi sila makabasa, pangunahing gumamit ng mga larawan. Isabit ang tsart sa isang lubhang kilalang lugar. Hindi sila nakaaalala nang mainam linggo kada linggo, kaya simulan ang bawat oras ng klase sa pag-ulit sa mga alituntunin at kung ano ang sinasagisag ng mga larawan.




Mga Alituntunin sa Silid-aralan
Nakatinging mga Mata
Nakikinig na mga Tainga
Tahimik na mga Bibig
Tumutulong na mga Kamay
Naglalakad na mga Paa

## 2. Mga tsart ng alituntunin para sa mga panggitnang baitang na bata

Pangunahan ang isang diskusyon upang magpasya ang mga bata sa kanilang mga sariling alituntunin sa silid-aralan. Sumusunod ang mga mas nakatatandang bata (Inter at pataas) nang mas mabuti kung hindi sila ipinapataw sa kanila mula sa guro. Gagana ito kung magdidiskusyon ang mga estudyante nang sama-sama kung anu-ano ang mga alintuntuning nais nila para sa kanilang sarili. Bakit? Kung mararamdaman nila ang pag-aari sa alituntunin, mas susundin at ipatutupad nila ito. Ang opinyon ng mga kasama ay mas malakas kaysa opinyon ng guro sa kanilang edad. Kung kalahok sila at makita kung gaanong ninanais ng ibang estudyante ang isang alituntunin, hindi nila gugustuhing suwayin ito at galitin ang ibang estudyante.






## 3. Mga tsart ng alituntunin para sa Junior high at Mataas na Paaralan

Kapag nag-iisip ng mga alituntunin, ang mga bata sa ganitong edad ay makaiisip ng napakarami. Tingnan ang halimbawang tsart ng alituntunin sa pahinang ito kung saan ito nangyari. Sinulat ng guro ang lahat ng iminungkahi at pagkatapos bilang isang klase, pinagsama ang mga alituntuning magkatulad at nakahanap ng isang paraan upang salitain ito upang ibaling sila tungo sa isang payak na alituntunin sa halip na napakarami. Ang tsart ng alituntunin ay hindi mga larawan, kundi ito ang mga sariling salita ng mga bata. Panatilihin itong payak, at sama-samang isagawa ang pananalita, pinananatili itong maikli, subalit alam ng lahat ang kahulugan nito.

**Mga Alituntunin sa Silid-aralan**

**Irespeto ang Iyong sarili**

Maging tapat, gawin mo ang iyong pinakamainam, magkaroon ng positibong saloobin, makilahok, maniwala ka sa iyong sarili

**Irespeto ang Iba**

Gumawa nang sama-sama, hintayin ang iyong pagkakataon, gumawa nang tahimik, maging mabait, makinig, at manatili sa gawain.

**Irespeto ang ating Iglesiya**

Sundin ang mga direksiyon, linisin ang iyong kalat, itaas ang iyong kamay, at sundin ang mga alituntunin.




Sa Silid-aralang ito
Nagbibigay tayo ng ikalawang pagkakataon
Humihingi tayo ng tawad
Nagpapatawad tayo
Nirerespeto natin ang isa't isa
Hindi tayo sumusuko
Tinutupad natin ang ating mga pangako
Hinihikayat natin ang isa't isa
Madalas tayong tumawa
Kabilang tayo
Pamilya tayo



# PLANUHIN ANG MGA ANTAS NG PARUSA PARA SA MGA SUMUSUWAY NG ALITUNTUNIN

## 1. SINO ANG SISISIHIN? UNA, MALAMANG AY ANG GURO.



Nabigo ang guro sa pagpigil. Kapag nagsimulang mabuo ang isang suliranin, dapat kumilos agad ang guro, at gumawa ng pagbabago. Halimbawa: Ibahin ang pagkakabigay ng aralin. Hilingin sa mga estudyanteng tumayo at maghiwa-hiwalay at isadula ang isang bahagi ng kwentong katatalakay lamang. Kung nakaupo sila nang matagal sa isang lugar, sisimulan nilang gambalain ang kanilang sarili, minsan sa isang negatibong paraan. Dapat mong matanto na hindi sila makauupo nang matagal. Kasalanan mong may isang suliranin na nagsisimulang mabuo. Agad baguhin ang iyong istilo sa pagtuturo, at pag-ehersisyuhin ang mga bata nang bahagya, at habang ginagawa nila iyon, ibahin ang kanilang upuan upang maihiwalay ang mga bata sa isa't isa bago pa maging suliranin ang mga tensyon sa mga estudyante.

## 2. ATMOSPERO NG SILID-ARALAN: HUWAG MAGING ISANG TANOD NG BILANGGUAN HINGGIL SA MGA ALITUNTUNIN

Huwag maligalig sa maliit na bagay. Ang kasakdalan ay para kay Hesus, at hindi ito inaasahan mula sa iyo o sa iyong mga estudyante. Gamitin lamang ang mga "parusang" hakbang na ito sa nasuway na alituntunin na sisira sa kaligtasan at kapaligiran ng pagkatuto para sa klase. Hayaang lumipas ang ibang bagay sa pamamagitan ng isang biro mula sa iyo, isang tapik sa likod ng estudyante, o isang tingin na nagsasabing (gamit lamang ang iyong mga mata) hindi siya nakatakas mula rito bagkus pinili mong hindi ito ituring na malaking bagay sa pagkakataong ito. Ang paghinto sa kalagitnaan ng pangungusap upang magbigay ng isang mabilis na dilat ng mata sa isang estudyanteng nagsisimulang sumuway sa isang alituntunin ay kadalasang agad na nagpapahinto sa kanila. Malaking tulong ang pagkamapagpatawa sa pag-alis ng ligalig mula sa isang posibleng kalagayan. Gagaan ang paghinga ng buong klase at hahagikgik sa biro. Mag-ingat na ang biro ay hindi kailanman patungol sa isang bata, bagkus sa iyong sarili o sa isang bagay, hindi isang tao.



### 3. Mga parusang hakbang

Matapos maipaliwanag at maintindihan ang mga alituntunin, ang mga hakbang ng parusa kapag nasuway ang isang alituntunin ay dapat ipaliwanag sa mga bata. Ayaw nila ng mga sorpresang mananakit sa kanila. Dapat maging lubhang matatag ang guro sa paggamit sa mga hakbang na ito ng parusa maliban kung ang suliranin ay lubhang mapanganib at nangangailangan ng agarang pag-alis ng isang estudyante. Una ay isang senyas o babala, sunod ay paglipat sa time out chair, sunod ay pagpapaalis sa klase, at huli ay pagpunta sa mga magulang. Habang binabalik-aral ang mga alituntunin sa simula ng bawat oras ng klase, ang mga parusa ay binabalik-aral din

## Mga parusa para sa pagsuway sa isang alituntunin

1.Senyas at babala
2.Paglipat ng upuan
3.Ang time-out chair
4.Pagpapalabas ng silid-aralan
5.Ilahok ang mga magulang



### 1. Senyas at babala

Minsan ang isang payak na tahimik na galaw ay sasang-ayunan ng mga bata upang maging isang paalala, o babala. Pinahahalagahan ng mga bata ang isang babala bago sila patawan ng isang parusa o konsikuwensya. Halimbawa: Nangangahulugan ang isang daliring tahimik na itinaas na sa ating klase ay hindi tayo nagsasalita lahat nang sabay-sabay o sasabat dahil ramdam natin na ang lahat ay mahalaga at nararapat mabigyang-pagkakataong ipahayag ang kanilang sarili. Ang alituntunin ay "Isang tao lamang ang makapagsasalita sa isang pagkakataon at ang iba ay dapat makining at magbigay sa taong iyon ng kanilang ganap na atensyon at tinginan sa mata." Maaaring sinasabi ng tsart, "Magsalitan sa pagsasalita." Maaaring pagpasyahan ng klase na mas mainam kung itataas mo ang iyong kamay at makilala bago magsalita.

**Mungkahi** Gumamit ng isang laruang hayop bilang isang palamuti sa mikropono.

Maaaring pagpasyahan ng klase na gagamit sila ng isang bola o laruang hayop na ilalagay nila sa gitna ng bilog ng diskusyon. Tanging ang taong nakahawak sa bagay ang magsasalita. Kapag tapos na sila, maaari nila itong isauli sa gitna upang ang ibang bata

ay hahawak at magsasalita, o maaari nilang ipasa ito sa estudyanteng may nakataas na kamay upang ipahiwatig na may iba siyang kaisipang maidaragdag sa usapan. Kung may nakalimot at nakasabat, maaaring itaas ng guro ang isang daliri, nagpapahiwatig na "isa lamang sa isang pagkakataon." Ito ang babalang napagkasunduang gamitin ng klase.

### 2. Baguhin ang upuan

Kung hindi nagtagumpay ang pagpigil, kailangan ng guro ng isang plano ng aksyon na hindi gaanong makakasagabal sa daloy ng aralin. Ang pinakamadali ay ilipat lamang ang upuan, ilagay ang estudyante mas malapit sa harap, ilagay siya sa pagitan ng dalawang babae, ilayo ang mga kaibigan, atbp. Kalaunan sa aklat na ito, may higit pang tungkol sa mga pagpipilian ng upuan.

### 3. Ang time-out chair



Kapag sinuway ng isang estudyante ang isang alituntunin, huwag na huwag itong balewalain. Tinitingnan ka ng buong klase. Nais ng mga estudyante ng kaayusan at kapayapaan sa loob ng silid. Dapat mabigyang-parusa ang estudyante. Hilingin sa estudyanteng iwan ang grupo at maupo sa isang itinalagang upuan kung sa makakapakinig pa rin siya, ngunit kailangang manatiling tahimik. Sa kalaunan ay makikilala nila ang upuan bilang isang banayad na parusa katulad ng pagpapapasok sa silid-tulugan at naihiwalay mula sa pamilya. Isa itong maikling parusa, makakaupo ang mga maliliit na bata roon sa loob ng 2 o 3 minuto, mararamdaman ng mas nakakatandang bata ang epekto nito sa loob ng 5 minuto, ngunit hindi mas matagal. Sa katapusan ng oras, imbitahan silang iwan ang upuan at muling sumali sa grupo. Planuhing makausap ang estudyante kung maaari, kung may oras pa, upang alamin kung naiintindihan ba nila kung ano ang alituntuning sinuway nila. Ano ang pangyayari na nagsanhi sa kanilang gawin ang mga kilos na kanilang ginawa? Unang Pagpipilian: Ilahok ang lahat sa isang aktibidad at pagkatapos ay tahimik na makipag-usap nang isahan sa estudyante. Ikalawang Pagpipilian: Hilingin sa estudyanteng maiwan matapos ang klase, pagkaalis ng iba, upang makipag-usap sa iyo nang isahan.

**MUNGKAHI** Oras ng Diskusyon: Dapat makinig ang guro sa panig ng estudyante ukol sa suliranin.

Laging kailangan ng isang parusa ang isang panahon ng pagpapahayag ng pag-ibig sa estudyante at ipinaliliwanag kung bakit mali ang inasal at pinaplano kung paanong hindi na ito maulit. Bilang isang guro, huwag magalit kundi magpakita ng pag-ibig, malasakit at pagkamakatarungan. Subukang intindihin mula sa pananaw ng bata

ang mga dahilan sa likod ng kanilang maling asal. Maging bukas upang pakinggan ang sinasabi sa halip na pagalitan at ipagtanggol ang iyong sarili. Maging laang maging isang tagapagtaguyod ng bata upang masiguradong kung anong nagsanhi sa suliranin ay hindi na mauulit pa at maramdaman ng bata na mapagkakatiwalaan ka at makatarungan at iingatan siya sa hinaharap. Dapat matanto ng mga guro na karamihang pagsilakbo ay mga reaksyon sa isang bagay na nangyari at hindi ito nakita ng guro. Maaaring ang bata ay ginalit ng isa pang bata.

## 4. Pagpapalabas sa silid-aralan

May mga panahong hindi gumagana ang sulok ng "time out". Nagiging paggambala pa rin ang batang nakaupo roon sa ibang bata. Ang susunod na hakbang sa hagdan ng pagwawasto ay ang alisin ang bata mula sa silid. Napakahalagang magkaroon ng isang boluntaryo na mag-aalis sa bata mula sa lugar at kakausap sa kanya hinggil sa kung ano ang nangyayari at kung ano ang bumabagabag sa kanya. Sa simula pa lang ay magsaayos na kasama ang iyong boluntaryo kung saan nila maaaring dalhin ang bata upang makausap at kung ano ang magiging senyas. Halimbawa: isang tawag sa telepono, isang mensaheng text, o marahil ay magpapadala ang guro ng isang bata upang alisin sila sa bahay-pulungan. Bibigyan ng boluntaryo ang bata ng pagkakataong lumayo mula sa klase at magpahayag ng kanilang sarili. Madalas matapos ang 15 minuto ang bata ay tapos nang magpahayag at nababagot at magnanais na bumalik sa klase at gawin ang mga masayang bagay na sinabi mo sa klase sa panimulang oras. Ayaw nilang maupo kasama ang boluntaryo sa halip na sumali sa mga laro, kumain ng meryenda, gumawa ng mga gawaing-kamay, atbp. Ngunit bago sila bumalik, dapat nilang amining mali ang ginawa nila, ipahayag ang ginawa nilang sumuway sa alituntunin, at magsisi. Kailangan nilang mangako na sundin ang lahat ng alituntunin upang matamo ang muling-pagtanggap tungo sa klase.




## 5. Ilahok ang mga magulang

Ang huling yugto sa hagdan ng parusa, kung hindi naayos ng mga naunang ideya ang suliranin, ay ang ilahok ang mga magulang. Papuntahing ang mga magulang at ipakuha ang bata o magkaroon ng isang boluntaryo na sasama sa bata upang maupo kasama nila. Isaayos na magkaroon ng pagpupulong kasama ng mga magulang pagkatapos ng iglesiya upang maipaliwanag mo sa kanila ang ginawa ng bata at kung bakit siya naalis mula sa klase at kumuha ng mga mungkahi mula sa mga magulang hinggil sa kung ano ang nais nila. Magpahayag ng pang-unawa sa pananaw ng bata sa sitwasyon at kung ano ang nagsanhi sa kanyang umasal nang mali. Kadalasan, ang suliraning kinakaharap ng guro ay ang katulad na bagay na nangyayari sa tahanan. Kung ang guro at mga magulang ay nagkasundo sa kung paano hahawakan ang mga bagay-bagay, at sila ay nagkasundo hinggil sa kahalagahan ng pagdalo sa iglesiya at ma



magiging maayos ang mga bagay-bagay sa hinaharap. Bigyang-diin na ang estudyante ay katanggap-tanggap na bumalik sa klase at na pinahahalagahan mo siya at ninanais na matuto siya hinggil sa Diyos at hindi kailanman madamang tinatanggihan ng iglesiya. Makipagkasundo sa estudyante na ang isang pangyayaring ito ay nakalipas na at magsisimula kayo nang panibago sa susunod na linggo.



Huling hakbang: Ang mag-aaral ay dapat na umupo kasama ang kanyang pamilya sa simbahan.



# Gamitin ang iyong boses upang kontrolin ang klase

Ang tono ng iyong boses ay isang malakas na kasangkapan sa pagkontrol sa silid-aralan.

## 1. Mahalaga ang lakas, Bumulong



Una, huwag na huwag sigawan ang isang estudyante. Kung kailangan ng isang estudyante ang babala, bumulong sa tainga ng estudyanteng yaon. Walang kinalaman dito ang iba, at maaaring mapahiya ang estudyante kung sinabi ito sa kanya sa harap ng iba. Tandaan na ang pagtanggap ng mga kasama ay mas mahalaga sa mga batang lagpas ika-3 baitang kaysa pagbibigay-lugod sa guro.

## 2. Hinaan ang boses at humingi ng tugon ng klase

Kung labis na nagiging maingay ang klase sa isang gawaing-kamay, gamitin ang iyong boses upang makuha muli ang kontrol. Babaan ang boses hanggang sa napakahina at hilingin sa klaseng itaas ang kanilang kamay kung naririnig ka nila. Kapag nakita ng mga maingay na tumugon ang klase sa iyo, pahihintuin sila ng pagkamausisa habang susubukang alamin kung ano ang hindi nila napakinggan. Gumagana minsan ang "Bigyan niyo ako ng ngiti kung naririnig niyo ako." Nagtagumpay ako nang sabihin ko nang mahina, "Hipuin niyo ang inyong ilong kung narinig niyo ang lahat ng sinabi ko."

## 3. Awitin ang mga direksyon

Nakakita ako ng mainam na tugon nang pumalakpak ang guro at umawit ng awiting taglay ang susunod na direksyon. Lubhang nagulat ang lahat ng bata na inaawit ng isang matanda ang mga direksyon at napatahimik ang klase. Nakinig sila nang maigi sa mga binibigay na tagubilin ng guro.



# Humanap ng mga senyas ng atensyon na magagamit mo

## 1. Ang senyas ng isinalitang parirala

Kasama ang mga bata kong estudyante nakita kong mainam para sa aking sabihing, "Mga mata sa akin." Tinuruan ko ang mga estudyante na kapag narinig nilang akong sabihin iyon, ang tugon nila ay ang agad na tumahimik, ilagay ang kanilang mga kamay sa kanila kandungan, lumingon at tumingin sa akin, at makinig nang maigi. Inensayo namin ito hanggang sa mapasakdal nila ito at pagkatapos ay inensayo ito anumang oras na ang kanilang mga tugon ay hindi agaran. Gumana ito katulad ng pito ng isang tagahatol upang itigil ang isang laro. Mas gusto ko ito kaysa ibang senyas dahil lagi ko itong dala,sa mga pasilyo, palaruan, at saanman ako tumungo kasama ang klase.

## 2. Ang senyas ng tainga ng kuneho

Upang patahimikin ang grupo, itaas ang iyong kamay na may nakaunat na dalawang daliri. Sinasagisag nito ang mga tainga ng kuneho sa isang posturang handang makinig para sa mga nakababata at isang tanda ng kapayapaan sa mga nakatatandang bata. Tutugon sila sa pamamagitan ng pagtahimik at pagtaas ng kaparehong tanda. Kapag naitaas na ng lahat ang tanda at tahimik na ang silid, ibaba mo na ang iyo, at maaari na nilang ipahinga ang kanila, ngunit mananatiling tahimik at nakikinig habang nagsasalita ka. Siyempre, kailangang maituro ang senyas na ito at maensayo nang kaunti, ngunit epektibo ito sa malakihang grupo ng mga bata.



## 3. Ang senyas ng palakpak

Isa pang madaling senyas ay ang palakpak sa ritmong "shave and a haircut." Uumpisahan ito ng guro, lilingon ang mga bata upang harapin ang guro, binibigay ang buo nilang atensyon, at tatapusin nila ito. Ito ang paraan upang pahintuin ang kanilang mga kamay mula sa kung anong kinasasangkutan nila at itigil ang mga ingay na likas sa tuwing meryenda at gawaing-kamay. Kailangan maituro sa kanila



ang ritmo, at pagkakataong ensayuhin ito nang madalas. Huwag mag-alala hinggil sa bagong estudyante, matututunan nila ito nang mabilis sa pamamagitan lamang ng pagmasid sa klaseng gawin ito. Kapag naging nakakainip, iba-ibahin ang ritmo ng palakpak upang mas lalong makinig ang klase at gayahin ka. Magsimula gamit ang isang maikling ritmo ng hanggang 4 na palakpak, pagkatapos ay paramihin ito ng hanggang makailang sukat ng ritmo. Makikinig sila at pakikinggan ito. Kung magkamali sila, kadalasan ay tatawa sila, subalit maaari mong sabihin na lubha itong mahirap kaya babaguhin mo ito upang maging mas maikli ang ritmo. Ang gol mo ay ang hindi kailanman ipahiya ang estudyante o ipadamang mas mababa siya, kundi ang kunin ang kanilang atensyon at matamo ang kontrol sa klase para sa susunod na gawain sa inyong iskedyul para sa araw na iyon.

### 4. Ang senyas ng hoo-ha

Sisigaw ang lider ng "hoo-ha" at tutugon ang mga estudyante ng "hoo-ha-ha" habang tumatayo sila, umiikot, at muling uupo. Tumutulong itong alisin ang mga kawag sa kanilang mga katawan at itinitigil ang anumang kanilang ginagawa upang ibaling ang kanilang buong atensyon sa lider. Minsan ay masayang gawin ito nang makailang ulit nang sunud-sunod para sa higit pang ehersisyo at isang mas mahabang pagpipigil.

### 5. Ang senyas ng kampanilya at ilaw



Ginugulat ng pagpatay ng ilaw ng silid-aralan ang mga bata at kinukuha ang agaran nilang atensyon. Ibalik agad ang ilaw at habang ang mata nila ay nakatingin sa iyo, ibigay ang susunod na tagubilin. Sa mas nakatatandang bata, nakaranas ako ng mabilisang tagumpay gamit ito, gayunpaman kapag nadiskubre nilang hindi ito isang seryosong kaganapan ay hindi na sila nagugulat at nakapagpapatuloy sa pag-uusap nang nakapatay ang ilaw kaya hindi ito gaanong epektibo. Ang isang kampanilya o pito ay maaari ring gumulat sa mga estudyante tungo sa mabilis na katahimikan at ganap na atensyon sa guro. Mahalagang tingnan kung gaano kalayo ang narating ng tunog upang tiyaking hindi nito nagambala ang ibang klase o ang paglilingkod ng iglesiya sa malapit.

## Paano nakokontrol ng pag-upo ang silid-aralan?

Maaaring makontrol ang mga bata ng kanilang kapaligiran. Kapag siksikan ang mga bata ay magkakaroon ng mga suliranin. Muli, ang pagpigil ay ang susi sa tagumpay.

## Dapat magtanda ang guro ng mga lugar na uupuan.

### 1. Pag-upo sa mga panapin



Hindi alintana ng mga bata ang pag-upo sa sahig kaya madalas ay gumagamit ang mga guro sa kindergarten ng mumunting panapin upang itakda ang kanilang mga upuan. Kung saan ako nagturo ng kindergarten sa isang pampublikong paaralan, ay gumamit kami ng mga muwestra ng karpet. Maaari ring magamit ang mga de-kulay na papel, supot, o mga dyaryo. Madalas na nakatutulong na magkaroon ng isang kulay para sa mga babae at ibang kulay para sa mga lalaki. Kung minsan lang magkaroon ng bagong estudyante ang klase, maaaring lagyan ng pangalan ang mga panapin at uupuan nila ito pagkapasok ng silid-aralan. Kung sapat ang layo ng mga panapin sa isa't isa ay madaling makikita ng guro kung aabutin ng isang kamay o paa ang ibang estudyante. Malayang maglakad ang guro sa gitna ng mga estudyante habang nagtuturo.

### 2. Pagkakaupo sa mga upuan o bangko



Mas gusto ng mga nakatatandang bata ang mga upuan o bangko yamang hindi sila nagiging kumportableng nakaupo sa sahig. Gayunpaman, nagamit ko ang sahig nang matagumpay sa mga nakatatandang bata sa pamamagitan ng pag-alaalang bigyan sila ng mga pagkakataong tumayo nang madalas.


### 3. Pag-upo sa mga tarp

Sa labas, nagtipon ako ng isang klase ng mga bata sa isa o dalawang tarp. Kumportable silang nakaupo sa tarp dahil malinis ito at walang kulisap, bagama't nakaupo kami sa labas sa dumihan. Hilingin sa mga estudyanteng maging lubusang nasa loob ng tarp. Ipagpalagay na isa itong bangka, at sa labas ng tarp ay ang karagatan, puno ng mga pating upang ganap silang maupo sa tarp upang maging ligtas.

### 4. Paano maupo

Kung paanong maupo ay mahalaga rin. Tinawag ko itong "criscross applesauce" na nangangahulugang pagkrusin nila ang kanilang mga binti sa harap nila at mauupo sa kanilang puwitan. Tinuwid ko ang sinumang estudyanteng naupo nang may nakatiklop na binti, yamang pinadadali nito ang pagtayo sa kanilang tuhod, at mahirap sa mga estudyante sa likod nilang makita ako. Hindi sila masasangkot sa anumang suliranin kapag nasa posisyon ng pinagkrus na binti at madali itong makikita ng guro bago ito mangyari at makagagawa ng pag-iwas. Napakahalaga tandaan na hayaan ang mga nakatatandang estudyanteng tumayo, magplano ng ilang pahinga, upang pigilan sila sa pagkilos dahil lamang sa hindi sila pisikal na kumportable.





# Palamutian ang Lugar ng Klase

Bahagi ng pagpaplano ng kapaligiran ay ang pagpaplano kung ano ang titingnan ng bata kung nagpagala-gala ang kanyang kaisipan nang ilang segundo. Huwag kaligtaang pahalagahan ang mga pampukaw na larawan.




Magdikit ng mga paskil na magdadala sa kaisipan ng bata tungo sa Diyos. Isabit ang tema ng aralin o ang bersikulo ng Biblia upang tulungan ang batang isaulo ito.

Kung magkaklase kayo sa labas, isabit ang paskil sa puno, o sa labas na pader ng bahay-pulungan.

Kung nasa loob kayo at may pader, maaari mo ring isabit ang mga sulatin ng mga estudyante o gawang-sining upang ipakita na pinahahalagahan mo sila. Nanaisin nilang gawin ang kanilang pinakamainam dahil mahalaga ito, hindi ito isang lihim, at titingnan ito ng lahat. Ipinakikita mong mahalaga sila sa iyo at sa Diyos. Kung walang matitingnan, titingin ang mata nila sa ibang estudyante nagbibigay sa kanila ng pagkakataong manggulo.






## Konklusyon: Ano ang Pinakamalahaga?

Ang pagpigil ang susi upang hindi kailanman magkaroon ng mga suliraning mangangailangan ng parusa. Gugugulin ng pagpigil ang maraming oras ng guro sa likod ng mga tagpo ngunit sulit ang mga gantimpala.

Magkaroon ng isang malinaw at payak na takda ng mga alituntunin na itinuturo at ipinatutupad nang may mga kaparusahan.

Kinasasabikan ng gurong may mabuting pamamahala ng silid-aralan ang pagtuturo, tinatamasa ang pagsama sa mga bata, at nakakikita ng mga dakilang espiritwal na bunga mula sa mga aralin. Madarama mo ang galak ng pagtupad sa iyong pagtawag: "Humayo sa buong mundo at MAGTURO ng ebanghelyo at magdisipulo..." at ang pagtupad sa paggamit ng iyong kaloob ng pagtuturo na ibinigay ng Diyos.



Lalago ang klase mo dahil matutuwa ang mga bata sa iglesiya at iimbitahan nila ang kanilang mga kaibigan. Ang mga alaala nila ng iglesiya pagtanda nila ay hindi magiging mapait at may galit. Malayo at malawak ang maaabot ang alon ng impluwensya, henerasyon kada henerasyon, kapag ibinigay mo ang iyong pinakamainam sa pagtawag ng pagtuturo.

Mga libreng mapagkukuhanan ng ministeryo para sa kabataan.

# Ang Kabataan ay Mahalaga

www.ChildrenAreImportant.com

*"Nandito kayo para bumago ng mga buhay; nandito kami para tumulong sa inyo."*

13202

Controlling the Chaos

www.ChildrenAreImportant.com
info@childrenareimportant.com
01-52-592-924-9041

Follow us on: YouTube facebook